



ANG MGA PINAKA MAHALAGANG DOKTRINA (KATURUAN)

(October 2018 Edisyon)

Ang lahat ng Scriptura na ginamit ay mula sa Magandang Balita Biblia.

Ang Mga Pinaka Mahalagang Doktrina (Katuruan)

- Ay MALINAW na itinuro sa Biblia.
- Kailangan PANIWALAAN para maligtas.

**Maniwala - *pisteuo* (Greek)
Kumbinsado ng lubos
May tiwala ng lubos
Ipagkatiwala ng lubos**

- Kung HINDI ito paniniwalaan, ang taong ito ay HINDI maliligtas.
- Ang hinding paniniwala – ay Pagtangga o ayaw tanggapin.

“... Sapagka’t ang maaaring malaman tungkol sa Diyos ay maliwanag, dahil iyon ay ipinapahayag sa kanila ng Diyos...”

Roma 1:18-20

*(Juan 3:18, Roma 10:14-17, Juan 16:8-11,
Lukas 1:39-44, Jeremias 1:4-5, Mga Awit 51:5)*

**IPINAHAYAG ng DIYOS ang Kanyang Sarili
sa lahat ng tao na ipinanganak o ipapanganak;
na ang anuman DAHILAN para hindi makilala ang DIYOS
ay hindi possible, at ang pwede lamang gawin ay
TANGIHAN, o HINDI PANIWALAAN o SUMAMPALATAYA
sa ipinahayag ng DIYOS at patuloy na ipinapahayag.**

Batayan Ng Mga Pinaka Mahalagang Doktrina

“Hindi ko ikinahihiya ang Magandang Balita (Ebanghelyo), sapagka’t ito ang kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan ng bawat sumasampalataya...” *Roma 1:16*

“Mga kapatid, ngayo’y ipinapaalala ko sa inyo ang Magandang Balitang ipinangaral ko sa inyo...Sapagka’t ibinigay ko sa inyo ang pinakamahalagang katuruan na tinanggap ko rin: si Cristo’y namatay dahil sa ating mga kasalanan, bilang katuparan sa sinasabi sa Kasulatan; inilibing siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan...” *1 Corinto 15:1-4*

“Sumagot si Jesus sa kaniya: Ang pangunahin sa lahat ng mga utos ay ito: Pakinggan mo Israel. Ang Panginoon mong Diyos ay iisang Panginoon. Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, at nang buong kaluluwa mo, at nang buong pag-iisip mo at nang buong lakas mo. Ito ang unang utos.” *Mark 12:29-30*

**Magandang Balita – euaggelion – mabuting balita
o pahayag ng gracia ng DIYOS**

**Pinakamahalagang/Pangunahin – Profos – Pinaka mahalaga
o importante**

Ang Mabuting Balita Ay Si JESU-CRISTO

**Ang Dahilan o Sanhi ng
Mabuting Balita...PAG-IBIG NG DIYOS.**

“Sapagka’t gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanglibutang, kaya’t ibinigay Niya ang Kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.” *Juan 3:16*

“Dito natin nakikilala ang tunay na pag-ibig: inialay ni Cristo ang Kanyang buhay para sa atin...” *1 Juan 3:16*

Ang Buhay Na Walang Hanggan Ay Si JESU-CRISTO

Ang Dahilan o Sanhi ng Mabuting Balita...

KAPAKUMBABAAN NI JESU-CRISTO.

“Walang makakakuha ng Aking buhay; kusa Ko itong ibinibigay. Mayroon Akong kapangyarihang ibigay ito at kuning muli. Ito ang utos na tinanggap Ko sa Aking Ama.” *Juan 10:18*

“Nagpakumbaba Siya at naging masunurin hanggang kamatayan, maging ito man ay kamatayan sa krus” *Filipos 2:8*

Ang Kaligtasan Ay Si JESU-CRISTO

Ang Dahilan o Sanhi ng Mabuting Balita...

AY ATING PANGANGAILANGAN.

“Walang matuwid...Sapagka’t lahat ay nagkasala at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.” *Roma 3:10-23*

“Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang libreng kaloob ng diyos ay buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.” *Roma 6:23*

Ang Ebanghelyo Ay Si JESU-CRISTO

And Tanging Tagapaglitas...JESU-CRISTO.

“Sumagot si Jesus, “Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan Ko.” *Juan 14:6*

“Sa Kanya lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagka’t walang ibang pangalan ng sinumang tao sa buong mundo na ibinigay ng Diyos sa mga tao upang tayo ay maligtas.” *Gawa 4:12*

“Lumapit kayo sa Akin, kayong lahat na nahihirapan at nabibigatang lubha sa inyong pasanin, at kayoy bibigyan Ko ng kapahingahan.” *Mateo 11:28*

I. Ang Pagka DIYOS At Tao Ni JESU-CRISTO

Tanging Kaibahan ni JESU-CRISTO
Siya lamang ang DIYOS-na-Tao
Anak ng DIYOS at Anak ng Tao
(Roma 1:1-4)

Si JESU-CRISTO ay DIYOS at perfectong TAO.

A. Kahalagahan... Anak ng DIYOS

“Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya’t ibinigay Niya ang Kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalatay sa Kanya ay hind mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanngan.” *Juan 3:16*

Kaisa-isang anak – monogenes – tangi at walang katulad

Kaisa-isang anak – hindi ibig sabihin na siya ay nilikha o nilalang

“Nang pasimula ay naroon na ang Salita; ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos...Nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan Niya...Ang Salita ay naging tao at nanirahan sa piling natin. Nakita namin ang kaluwalhatiang tunay na Kanya bilang kaisa-isang Anak ng Ama, Siya’y puspos ng kagandahang loob at ng katotohanan...Dumating ang kautusan sa amin sa pamamagitan ni Moises; ngunit sa pamamagitan naman ni Jesu-Cristo ay dumating ang kagandahang loob at katotohanan.” *Juan 1:1-17*

(Genesis 1:1, Colosas 1:16, 2:9; Tito 2:11-13, 2 Pedro 1:1)

Si JESU-CRISTO ay DIYOS.

A. Kahalagahan... Anak ng DIYOS

“Naniniwala kami at ngayo’y natitiyak naming na Kayo nga ang Banal na mula sa Diyos.” *Juan 6:69*

“Sumagot ang angel, “Sasaiyo ang Espiritu Santo at mapapasailalim ka ng kapangyarihin ng Kataas-taasang Diyos. Dahil dito, ang isisilang mo ay banal at tatawaging Anak ng Diyos”. *Lukas 1:35*

(Mateo 8:29, 14:33, 16:16; 26:63-64, Juan 17:1)

Si JESU-CRISTO bilang Anak ng DIYOS ay nagpapatotoo sa Kanyang KABANALAN bilang DIYOS.

B. Kahalagahan... Anak ng Tao

“Sapagkat ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at upang mag-alay ng kanyang buhay para sa ikatutubos ng marami.” *Marcos 10:45*

Man – *Anthropos* – tao

Sa Kanyang pagiging Tao, si JESU-CRISTO ay...

Nagutom – *Mateo 4:2*

Nauhaw – *Juan 19:28*

Napagod – *Juan 4:6*

Tinukso – *Marcos 1:13 & Santiago 1:13*

Nasugatan – *Juan 19:34*

Namatay – *Lukas 23:46*

“Nawa’y magkaroon kayo ng kaisipan na tulad ng kay Cristo Jesus. Kahit siya’y likas at tunay na Diyos, hindi Niya ipinagpilitang manatiling kapantay ng Diyos. Sa halip, kusa Niyang hinubad ang pagiging kapantay ng Diyos, at naging katulad ng isang alipin. Ipinanganak Siyang tulad ng mga karaniwang tao. At nang si Cristo’y maging tao, nagpakumbaba Siya at naging masunurin hanggang kamatayan, maging ito man ay kamatayan sa krus.” *Filipos 2:5-8*

Ipinagpilitang – *harpagmos* – gamitin ang pagka DIYOS.

Hinubad – *kenoo* – inalis ang mga karapatan bilang DIYOS.

Alipin – *doulus* – kusang kalooban na maging alipin.

Ang PAGIGING tao ni CRISTO ay may simula subali’t Siya mismo bilang DIYOS ay Walang Hanggan.

C. Kahalagahan... Anak ng DIYOS at Anak ng Tao

“Sapagka’t likas kay Cristo ang buong pagka Diyos kahit na Siya’y nagkatawang Tao.” *Colosas 2:9*

DIYOS – *theotes* – ang pagka Diyos.

Katawang Tao – *somatikos* – pangkatawan/makalupa.

(Juan 4:24, Roma 9:5, Mateo 1:23)

Si JESU-CRISTO ay DIYOS na nagkatawang TAO.

“...Tingnan ninyo, Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.” *Juan 1:29*

“Umawit sila ng malakas, ‘Ang Korderong pinatay ay karapat-dapat tumanggap ng kapangyarihan, kayamanan, karunungan, kalakasan, parangal, papuri at paggalang.” *Pahayag 5:12*

(Hebreo 9:22-28)

C. Kahalagahan... Anak ng DIYOS at Anak ng Tao

Pagiging Anak ng DIYOS ay NAGPAPATUNAY sa kabanalan ng Kanyang Pagiging DIYOS.

Pagiging Anak ng Tao ay NAGPAPATUNAY sa kababaan ng Kanyang pagiging TAO.

Si JESU-CRISTO LAMANG ang BANAL NA SAKRIPISYO na ITINALAGA ng Batas para sa kapatawaran ng kasalanan.

(Hebreo 10:1-18 & Juan 14:6)

II. Kamatayan Ni CRISTO

(1 Corinto 2:1-5)

A. Kahalagahan... Pangpalit o Panghalili

“Ngunit ipinadama ng Diyos ang Kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Cristo para sa atin noong tayo’y makasalanan pa.”

Roma 5:8

para – huper/hoo-per – alang-alang sa.

“Sapagkat maging ang Anak ng Tao ay naparito, hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at ialay ang Kanyang buhay sa ikatutubos ng marami.”

Mateo 20:28

sa – anti/an-tee – para sa lugar.

**Si JESUS ang nagdusa ng KABAGSIKAN
o TINDI ng kaparusahan na karapat-dapat sa
ATING mga KASALANAN.**

(Gawa 2:22-24 & Filipos 2:5-11)

Ang walang hanggang PAGKA DIOS ni JESUS at ang kanyang kabanalan BILANG DIOS ay lubos na higit na kabayaran para sa pansamantalang kabuhayan at lubos na kasamaan ng tao.

“Hindi nagkasala si Cristo, ngunit dahil sa atin, Siya’y itinuring na makasalanan upang sa pamamagitan Niya ay maging matuwid tayo sa harap ng Diyos.”

2 Corinto 5:21

Ang kamatayan ni CRISTO ay nag silbi na PANGHALILI sa atin at lubos na ALANG-ALANG sa atin.

B. Kahalagahan... Handog o Alay

“Ito ang pag-ibig: hindi sa inibig natin ang Diyos, kundi tayo ang inibig Niya at isinugo Niya ang Kanyang Anak upang maging handog para mapatawad ang ating mga kasalanan.” *1 Juan 4:10*

“Si Cristo ang handog sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, hindi lamang ang ating mga kasalanan, kundi maging ang kasalanan ng lahat ng tao.” *1 Juan 2:2*

Handog – hilasterion – Sapat na handog

“Minsan isang taon, gaganapin ni Aaron and seremonya sa pagpapatawad ng kasalanan. Ang apat na tulis ng altar ay papahiran ng dugo ng hayop na handog para sa kasalanan...”

Exodo 30:10

Handog – kaphar/kippur – pang takip lamang

“Sapagkat ang dugo ng mga toro at mga kambing ay hindi makakapawi ng mga kasalanan.”

Hebreo 10:4

“Siya ang inialay ng Diyos bilang handog, upang sa pamamagitan ng Kanyang dugo ay mapatawad ang kasalanan ng lahat ng sumasampalataya sa Kanya. Ginawa ito ng Diyos upang patunayang Siya’y matuwid at ipinapaumanhin ang mga kasalananang nagawa ng mga tao.”

Roma 3:25

“Nalalaman ninyong naparito si Cristo upang pawiin ang ating mga kasalanan, at Siya’y walang kasalanan.”

1 Juan 3:5

(Juan 1:29, Colosas 2:9)

“Ayon sa Kautusan, halos lahat ng bagay ay nililinis sa pamamagitan ng dugo, at walang kapatawaran ng kasalanan kung hindi sa pamamagitan ng pag-aalay ng dugo.”

Hebro 9:22

“Sapagka’t ito ang Aking dugo; pinagtibay nito ang tipan ng Diyos, ang Aking dugo ay mabubuhos para sa kapatawaran ng kasalanan ng marami.”

Mateo 26:28

(Roma 6:23)

Ang kamatayan ni CRISTO ang naging SAPAT na kabayaran para sa ating kasalanan na ifinalaga ng BATAS ng DIYOS.

B. Kahalagahan... Handog o Alay

“...Siya ay tulad ng isang tupang nakatak dang patayin; tulad ng isang korderong hindi tumututol kahit na gupitan; hindi umiimik kahit kaunti man.” *Gawa 8:32*

“...Diyos Ko, Diyos Ko, bakit mo ako pinabayaan.” *Mateo 27:46*

“... Naganap na!” *Juan 19:30*

Ang kamatayan ni CRISTO ang naging SAPAT na kabayaran para sa ating kasalanan na nagdulot ng POOT/GALIT ng DIYOS.

“Kaya’t sa pamamagitan ng Kanyang dugo, tayo ngayon ay mapawalang sala, at tiyak na maliligtas sa poot ng Diyos.” *Roma 5:9*

“...Kakilakilabot ang mahulog sa kamay ng Diyos na buhay.” *Hebreo 10:29-31*

“...ngunit ang hindi sumusunod sa Anak ay hindi magkakaroon ng buhay, sa halip mananatili sa kanya ang poot ng Diyos.” *Juan 3:16-36*

(1 Tesalonica 1:9-10, 5:9-10)

**Sa pagkamatay ni CRISTO, ipinapahayag ng
Banal na Kasulatan ang Kanyang buong PAGSUKO at
PAGPAPASAILALIM, at KABAGSIKAN, at KASAPATAN
ng Kanyang Kamatayan sa Krus alang-alang sa atin.**

(Mateo 26:38-39, Marcos 15:33-34, Lucas 23:46, Isaias 53)

C. Kahalagahan... Pakikipagkasundo

“Dati, tayo’y mga kaaway ng Diyos, ngunit tinanggap na Niya tayo bilang mga kaibigan sa pamamagitan ng pagkamatay ng Kanyang Anak. At dahil dito tiyak na maliligtas tayo sapagkat si Cristo ay buhay.”

Roma 5:10

Tinanggap – katallasso – ibinalik sa kabutihang loob

“Ang Diyos ang gumawa ng lahat ng ito. Sa pamamagitan ni Cristo, ibinilang Niya tayong mga kaibigan at hindi na kaaway, at pinili Niya kami upang ang iba pang mga tao ay maging kaibigan Niya. Ang ibig sabihin sa pamamagitan ni Cristo, ang mga tao’y ibinilang ng Diyos na kaibigan, at nilimot na Niya ang kanilang mga kasalanan. At kami naman ay inatasan Niyang ipamalita ito. Kaya nga, kami’y mga sugo ni Cristo; ang Diyos mismo ang nakikiusap sa inyo sa pamamagitan namin. Kami’y nakikiusap sa inyo alang-alang kay Cristo; hayaan ninyong maging kaibigan kayo ng Diyos.”

2 Corinto 5:18-20

Sa pamamagitan lamang ng KAMATAYAN ni JESU-CRISTO sa krus, na nagsilbing PANGPALIT at HANDOG para sa ating kasalanan, na ang PAKIKIPAGKASUNDO sa DIYOS ay naging posible sa pamamagitan lamang ng pananampalataya kay JESU-CRISTO.

Kailangan ng tao na makipagkasundo SA DIYOS.

Ang mga Kristiano lamang ang kasundo o kaibigan NG DIYOS.

Ang mga Kristiano ay binigyan ng GAWAIN NA IPAGKASUNDO ANG TAO SA DIYOS.

(Roma 1:18-21)

D. Kahalagan... Pagtubos

“Tinubos tayo ni Cristo sa pamamagitan ng Kanyang dugo, at sa gayon ay pinatawad na ang ating mga kasalanan.” *Efeso 1:7*

Tinubos – apolutrosis – pagpapalaya o kalayaan dahil sa kabayaran.

“Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan...”

Roma 6:23 (Roma 8:1-2)

“Kayong mga dating patay dahil sa kasalanan... ay binuhay ng Diyos na kasama ni Cristo. Pinatawad Niya ang ating mga kasalanan at pinawalang-bisa ang lahat ng naisulat na alituntunin laban sa atin, pati ang mga pananagutang kaugnay nito. Pinawi Niya ang lahat ng ito nang ipako Siya sa krus.”

Colosas 2:13-14 (Galacia 4:4-5)

Ang kabayaran ay ginawa ni CRISTO para sa ating UTANG O PANANAGUTAN sa DIYOS.

“Sapagka’t si Cristo ay namatay at muling nabuhay upang maging Panginoon ng mga patay at mga buhay.” *Roma 14:9*

(2 Pedro 2:1, Filipos 2:8-11, Juan 5:22-23)

Ang kabayaran ay ginawa ni CRISTO para sa Kanyang pagiging PANGINOON ng lahat na nilikha o nilalang.

“Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong katawan, sapagkat sila’y inilagay ng Espiritu Santo sa inyong pag-iingat, pangalagaan ninyo ang iglesia ng Diyos na Kanyang tinubos sa pamamagitan ng dugo ng Kanyang Anak.” *Gawa 20:28*

Tinubos – peripoieomai – kabayaran para maging pag-aari

(1 Corinto 6:19-20, Tito 2:11-14, Roma 8)

Ang kabayaran ay ginawa ni CRISTO para sa KANYANG PAGMAMAY-ARI ng Iglesia/Mga Kristiano.

D. Kahalagan... Pagtubos

Ang kabayaran ay ginawa Niya para sa atin UTANG.

**Ang kabayaran ay ginawa Niya para sa
kanyang pagiging PANGINOON.**

**Ang kabayaran ay ginawa Niya para sa
kanyang PAGMAMAY-ARI.**

Kamatayan Ni Cristo

Kahalagahan... Panghalili o Pangpalit

Kahalagahan... Handog/Alay

Kahalagahan... Pakikipagkasundo

Kahalagahan... Pangtubos

“Sapagka’t tuwing kakain kayo ng tinapay na ito at iinom sa kopang ito, ipinapahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa Kanyang muling pagparito.”

1 Corinto 11:26

III. Muling Pagkabuhay Ni CRISTO

“Taglay ang dakilang kapangyarihan, ang mga apostol ay patuloy na nagpapatotoo tungkol sa muling pagkabuhay ng Panginoong Jesus. At ibinigay ng Diyos ang Kanyang pagpapala sa kanilang lahat.”

Gawa 4:33

Nagpapatotoo – *marturion* – nakita ng mata/nakasama.

Pagkabuhay – *anatsis* – nabuhay sa pagiging patay.

“Habang pinag-uusapan nila ito, tumayo si Jesus sa kalagitnaan nila na nagsasabi, “Sumainyo ang kapayapaan! Natigilan sila at natakot sapagkat akala nila’y multo ang kaharap nila. Kayat sinabi ni Jesus, “Bakit kayo natitigilan? Bakit kayo nag-aalinlangan? Tingnan ninyo ang Aking mga kamay at mga paa. Ako nga ito. Hawakan ninyo Ako at pagmasdan. Ang multo o espiritu ay walang laman at buto, ngunit Ako’y mayroon, tulad ng nakikita ninyo”.

Lukas 24:36-39

(Genesis 2:17, Efeso 2:1-7, 1 Corinto 15:12-22)

Ang muling pagkabuhay ni JESU-CRISTO ay nagpapatotoo sa paglugod at pagtagumpay Niya sa ESPIRITUAL at PISIKAL na kahatulan na kamatayan ng ating mga kasalanan.

Katibayan ng Pagkabuhay na Mag-uli**PAGKAPAKO SA KRUS** *Juan 19:31-35***WALANG LAMAN NA LIBINGAN** *Mateo 28:11-15***MGA SAKSI O TESTIGO** *1 Corinto 15:5-8*

“at Siya’y nagpakita kay Pedro, at saka sa Labindalawa. Pagkatapos, nagpakita Siya sa mahigit na limangdaang kapatid na nagkakatipon. Marami sa kanila’y buhay pa hanggang ngayon, subali’t patay na ang ilan. At nakita rin Siya ni Santiago, at ng lahat ng mga apostol. Sa kahuli-huliha’y nagpakita rin Siya sa akin, kahit na ako’y tulad ng isang batang ipinanganak nang di kapanahunan.” *1 Corinto 15:5-8*

BINAGONG BUHAY**Bago masaksihan** – *Mateo 26:55-56*

“... Tumakas ang mga alagad at iniwan
Siyang mag-isa,”

Bago masaksihan – *Mateo 26:69-75*

“... Hindi ko kilala ang taong yan...”

Bago masaksihan – *Gawa 8:3 & 9:1-2*

“... Samantala, sinikap ni Saulo na sirain ang iglesia...”

Tapos masaksihan – *Gawa 8:1*

“... nagpunta sa ibat-ibang dako...
maliban sa mga apostol”

Tapos masaksihan – *Gawa 5:27-42*

“Nagpatuloy sila ng pagturo...”

Tapos masaksihan – *Gawa 26:1-25*

“Ako nagsasalita ng katotohanan.”

A. Kahalagahan... Pagwalang-sala

“Siya’y ipinapatay dahil sa ating mga kasalanan at muling binuhay upang tayo’y mapawalang sala.”

Roma 4:25

Mapawalang sala – dikaiosis – ipinahayag na matuwid.

“Oo, itinuring kong walang kabuluhan ang lahat ng bagay bilang kapalit ng lalong mahalaga, ang pagkakilala kay Cristo Jesus na aking Panginoon...ang aking pagiging matuwid ay hindi sa pagsunod sa kautusan, kundi pananalig kay Cristo. Ang pagiging matuwid ko ngayon ay buhat sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya...”

Filipos 3:8-11

“Sa mga nagdaang panahon ay hindi pinansin ng Diyos ang di pagkilala sa Kanya ng mga tao sa bawat lugar na magsisisi’t tatalikuran ang kanilang masamang pamumuhay. Sapagkat itinakda na Niya ang araw ng paghuhukom sa sanlibutan, at ito’y buong katarungan Niyang gagawin sa pamamagitan ng isang tao na Kanyang hinirang. Pinatunayan Niya ito sa lahat na ang taong iyon ay Kanyang muling binuhay.”

Acts 17: 30-31

(Hebreo 9:27-28)

“Hindi humahatol kaninuman ang Ama, sa halip ay ibinigay na Niya sa anak ang buong kapangyarihang humatol.”

Juan 5:22

Sa Kamatayan ni CRISTO:
Ang kasalanan natin ay
IPINATONG o ISINAMA kay CRISTO.

Sa Pagkabuhay na muli ni CRISTO:
Ang Kanyang katuwiran/kabutihan ay
IPINATONG o ISINAMA sa atin.

(Hebreo 2:17, 7:23-25, 9:23-25, 1 Timoteo 2:5-6, 2 Corinto 5:21)

B. Kahalagahan... Pag-Ampon

“Subalit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan Niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos hindi dahil sa isinilang sila ayon sa kalikasan o sa kagustuhan o sa kagagawan ng tao kundi ang pagiging anak nila ay dahil sa kalooban ng Diyos.” *Juan 1:12-13*

“Ngunit nang sumapit ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak. Isinilang Siya ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan upang palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan. Sa gayon, tayo’y maibibilang sa mga anak ng Diyos. At upang patunayan na kayo’y mga anak ng Diyos, isinugo Niya ang Espiritu ng Kanyang Anak sa ating mga puso, at ang sa gayon ay makatawag tayo sa Diyos ng “Ama, Ama ko.” Hindi na kayo alipin kundi anak, at dahil kayo ay anak, kayo ay ginawa rin ng Diyos bilang mga tagapagmana Niya.” *Galacia 4:4-7*

“Dahil sa inyong pananalig kay Cristo Jesus, kayong lahat ay anak ng Diyos. Ang buhay mismo ni Cristo ang isinuot sa inyo na parang damit nang kayo’y mabaustismuhan sa Kanya. Wala nang pagkakaiba ang Judio at ang Griego, ang alipin at ang malaya, ang lalaki at ang babae, kayong lahat ay iisa dahil sa inyong pakikipagka-isa kay Cristo.” *Galacia 3:26-28*

Inampon sa pamamagitan ng PANANAMPALATAYA kay JESU-CRISTO.

**Ang mga mananampalataya ay binigyan ng
KALAYAAN, KAPANGYARIHAN at KAKAYAHAN na maging
mga anak ng Diyos sa PAMAMAGITAN LAMANG ng
pananampalataya/pananalig kay JESU-CRISTO.**

(Juan 1:12-13)

C. Kahalagahan... Pinabanal at Pagpapakabanal

“Italaga mo sila sa pamamagitan ng katotohanan; ang salita Mo ang katotohanan...alang-alang sa kanila’y itinalaga Ko sa inyo ang Aking sarili, upang maitalaga rin sila sa pamamagitan ng katotohanan.”

Juan 17:17-19

(1 Corinto 1:2; 6:11)

C. Kahalagahan... Pinabanal

“...Isinugo kita sa mga taong iyon upang imulat ang kanilang mga mata, ibalik sila sa kaliwanagan mula sa kadiliman, iligtas sila sa kapangyarihan ni Satanas at ibalik sa Dios. At sa pamamagitan ng pananampalataya nila sa Akin, sila’y patatawarin sa kanilang mga kasalanan at silay mapapabilang sa mga taong pinaging-banal ng Diyos.”

Gawa 26:17-18

Pinaging-banal – hagiazo – inihiwalay/inilaan.

(Col. 1:13-14, 1 Juan 5:19, Juan 12:31, Mateo 25:41)

C. Kahalagahan... Pagpapakabanal

“... Dapat maging banal at marangal ang pakikitungo ng bawat isa sa kanyang asawa, at hindi pagsunod lamang sa nasa ng laman tulad ng inasal ng mga Hentil...Tayo’y tinawag ng Diyos upang mamuhay sa kabanaan, hindi sa kahalayan.”

1 Tesalonica 4:1-8

(2 Tesalonica, 1 Pedro 1:14-16, Hebreo 12:4-11, 1 Juan 1:9, Pahayag 3:19)

Pagpapakabanal – hagiastos – Pagdalisay/paglilinis.

C. Kahalagahan... Pinabanal at Pagpapakabanal

Tayo ay PINABANAL para sa Dios.

Tayo ay nasa PROSESO O PAGPAPATULOY nang PAGPAPAKABANAL mula sa ating mga kasalanan.

Ating masasabi na...

Tayo ay NALIGTAS sa KAPARUSAHAN ng kasalanan.

Tayo ay NILILIGTAS sa KAPANGYARIHAN ng kasalanan.

Tayo ay MALILIGTAS sa PRESENSYA ng kasalanan.

D. Kahalagahan... Magaganap na Kaluwalhatian

“Ang Espiritu ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo’y mga anak ng Diyos. At yamang mga anak, tayo’y mga tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Cristo. Sapagkat kung tayo’y kasama Niya sa pagtitiis, tayo’y makakasama Niya sa Kanyang kaluwalhatian.”

Roma 8:16-17

Kaluwalhatian – sundoxazo – pagsang-ayon o paghari ng sama-sama.

“Ang magtatagumpay ay uupong katabi ko sa Aking trono, tulad Ko na nagtagumpay na nakaupo ngayon katabi ng Aking Ama sa Kanyang trono.”

Pahayag 3:21

“Doo’y wala nang gabi, kaya’y hindi na sila mangangailangan pa ng mga ilaw o ng liwanag ng araw, sapagkat ang Panginoong Diyos ang magiging ilaw nila, at maghahari sila magpakailanman.”

Pahayag 22:5

**Ang mga Kristiano o Mananampalataya ni CRISTO,
sa darating na panahon ay MAGHAHARING
kasama ni JESU-CRISTO.**

(Pahayag 21:1)

D. Kahalagahan... Magaganap na Kaluwalhatian

“Subalit sa kabilang dako, tayo ay mga mamamayan ng langit. Doon magmumula ang Tagapagligtas na hinihintay natin nang may pananabik, ang Panginoon Jesu-Cristo. Sa pamamagitan ng kapangyarihang ginamit Niya sa pagpapasuko sa lahat ng bagay, ang ating katawang lupa na may kahinaan ay babaguhin Niya upang maging maluwalhating tulad ng Kanyang katawan.” *Filipos 3:20-21*

**Ang mga Kristiano o Mananampalataya ni CRISTO,
sa darating na panahon, ay bibigyan ng
MALUWALHATING o BAGONG katawan.**

(Roma 8:20-23, 1 Juan 3:2, Gawa 1:11)

“Ganyan din sa muling pagkabuhay. Ang katawang inilibing ay mabubulok, ngunit di mabubulok kailanman ang katawang muling binuhay; pangit at mahina nang ilibing, maganda’t malakas kapag muling nabuhay. Inilibing na katawang panlupa, mayroon ding katawang panlangit.” *1 Corinto 15:42-44*

**Ang mga Kristiano o Mananampalataya ni CRISTO
sa darating na panahon ay mararanasan ang
pagkakaroon ng maluwalhating KATAWAN at KATAYUAN
ng Buhay na Walang Hanggan.**

(1 Corinto 2:9, Efeso 2:6-7)

Muling Pagkabuhay Ni CRISTO

Kahalagahan... Pagwalang-sala

Kahalagahan... Inampon

Kahalagan...Pinabanal at Pagpapakabanal

Kahalagan...Magaganap na Kaluwalhatian

“Sinabi sa kanya ni Jesus, “Ako ang nagbibigay buhay at muling pagkabuhay. Ang sinumang sumasampalataya sa Akin kahit mamatay ay muling mabubuhay. At sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi mamamatay kailanman. Naniniwala ka ba sa sinasabi Ko.”

Juan 11:25-36

IV. Hiwaga ng Trinidad ng DIYOS

Ang AMA ay DIYOS.

Ang ANAK ay DIYOS.

Ang BANAL na ESPIRITU ay DIYOS.

Mayroon lang ISANG DIYOS.

WALANG SINUMAN na nilalang ang lubos na MAKAKAUNAWA o MAKAKAPAGPALIWANAG ng Trinidad ng DIYOS.

A. Kahalagahan... Ang Ama ay DIYOS

“Para sa mga taga Colosas na hinirang ng Dios at mga tapat na kapatid kay Cristo, sumainyo nawa ang pagpapala at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama. Tuwing ipapanalangin namin kayo, lagi kaming nagpapasalamat sa Diyos na Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo.” *Colosas 1:2-3*

Ang katotohanan na ang Ama ay Diyos ay malinaw na nakasulat sa Biblia ng higit na 70 beses.

B. Kahalagahan... Ang Anak ay DIYOS

“Nang pasimula ay naroon na ang Salita ang Salita ay kasama ng Dios at ang Salita ay Dios...and Salita ay naging tao...Jesu-Cristo.” *Juan 1:1-18*

(Tito 2:11-13; 2 Pedro 1:1; Colosas 2:9)

Ang BIBLIA ay pinapahayag ang PAGIGING DIOS ni JESU-CRISTO.

“Ako at and Ama ay iisa.”

Juan 10:24-38

lisa – heis/hice – esensya.

“Bago pa si Abraham ay Ako Na.”

Juan 8:53-59

(Exodo 3:14)

“Anak, pinatawad na ang kasalanan mo.”

Marcos 2:1-12

Pinahayag ni JESU CRISTO and Kanyang pagiging DIYOS.

“Noong una, ang Diyos ay nagsalita sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa ating mga ninuno sa pamamagitan ng mga propeta. Ngunit nitong mga huling araw, nagsalita siya sa atin sa pamamagitan ng kaniyang Anak. Siya ay hinirang ng Diyos na maging tagapagmana ng lahat ng mga bagay. Sa pamamagitan din niya, nilikha ng Diyos ang mga kapanahunan... Alin sa mga anghel ang kailanman ay pinagsabihan ng ganito: Ikaw ay ang aking Anak at sa araw na ito ay ipinanganak kita. At muli niyang sinabi: Ako ang magiging Ama sa kaniya at siya ay magiging Anak sa akin. Gayundin, nang dalhin niya ang kaniyang tanging dakilang Anak sa sanlibutan, sinabi niya: At hayaan siyang sambahin ng lahat ng anghel ng Diyos...Ngunit patungkol sa Anak, sinabi niya: O Diyos, ang iyong trono ay magpakailanman. At ang setro ng katuwiran ang magiging setro ng iyong paghahari. Inibig mo ang katuwiran at kinapootan mo ang hindi pagkilala sa kautusan ng Diyos. Dahil dito ay pinahiran ka ng Diyos, na iyong Diyos, ng langis ng kaligayahan higit sa iyong mga kasama.” *Hebreo 1:1-9*

Ipinahayag ng DIYOS AMA ang pagiging DIYOS ni JESU CRISTO.

C. Kahalagan... Ang Banal na Espiritu ay DIYOS

“Mayroon naming mag-asawa na ang nagbenta rin ng kanilang ari-arian. Ananias ang pangalan ng lalaki at Safira naman ang babae. Subalit nagsabwatan ang dalawa at hindi ibinigay ni Ananias sa mga apostol ang buong pinagbilhan. Kayat sinabi ni Pedro, “Ananias, bakit ka nagpadala kay Satanas at nagsinungaling ka sa Espiritu Santo? Bakit mo binawasan ang pinagbilhan mo ng lupa? Bago mo ipinagbili ang lupa, hindi ba iyo yon? At nang maipagbili na, hindi ba iyo rin ang pinagbilhan? Bakit mo naisipang gawin yon? Hindi ka sa tao nagsinunga-ling kundi sa Diyos.”

Gawa 5:1-4

(1 Corinto 3:16; 6:19)

Ipinapahayag ng BIBLIA ang pagiging DIYOS ng Banal na Espiritu.

“...ngunit pagdating ng Espiritu ng katotohanan, papatnubayan Niya kayo sa lahat ng katotohanan galing sa Diyos. Sapagkat ang sasabihin Niya ay hindi mula sa Kanyang sarili, kundi ang Kanyang narinig; ipapahayag Niya sa inyo ang mga mangyayari sa hinaharap.”

John 16:5-15

Ipinahayag ng BIBLIA and KANYANG PERSONA.

“Tandaan ninyo ito: maaaring patawarin ang tao sa lahat ng kanyang kasalanan at paglapastangan, ngunit ang sinumang lumapastangan sa Espiritu Santo ay walang kapatawaran, sapagkat ito ay walang hanggang kasalanan.”

Marcos 3:28-29

(Juan 16:5-11)

D. Kahalagan... lisa lamang ang DIYOS

“Kaya nga, tungkol sa pagkaing inihandog sa diyos-diyusan, alam nating ang mga diyos-diyusan ay larawan ng mga bagay na di-totoo, at alam nating iisa lamang ang Diyos.” *1 Corinto 8:4*

“Dahil dito, tandaan ninyo at huwag kalilimutan na sa langit at sa lupa’y walang ibang Diyos liban kay Yahweh.” *Deuteronomio 4:39*

“Ako si Yahweh, Ako lamang ang Diyos at wala ng iba pa...” *Isaias 45:5*

Ang AMA ay DIYOS.

Ang ANAK ay DIYOS.

Ang BANAL NA ESPIRITU ay DIYOS.

IISA lamang ang DIYOS.

Kahalagahan... Trinidad ng DIYOS


“Nang mabautismuhan na ni Juan ang mga tao, binautismuhan din niya si Jesus. Habang nananalangin si Jesus, nabuksan ang langit at bumaba sa Kanya ang Espiritu Santo sa anyong kalapait. Isan tngig mula sa langit ang narinig nila, “Ilaw ang minamahal Kong Anak; lubos Kitang kinalulugdan.” *Lukas 3:21-22*

“Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, “ibinigay na sa Akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kayat habang kayo’y humahayo, gawin ninyong alagad Ko ang mga tao sa lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng mga iniutos Ko sa inyo. Tandaan ninyo, Ako’y laging kasama ninyo hanggang sa katapusang ng panahon.” *Mateo 28:18-20*

“Ngunit ang Tagapagtanggol, ang Espiritu Santo na isusugo ng Ama sa pangalan Ko, ang Siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalaala ng lahat ng sinabi Ko sa inyo.” *Juan 14:26*

Ipinapahayag ng BIBLIA ang
TRINIDAD ng DIYOS.

Paglalarawan ng Trinidad ng DIYOS



Paglalarawan ng Trinidad ng DIYOS

Tatlong PERSONA sa IISANG DIYOS.

HINDI...

Tatlong PERSONALIDAD ng lisang DIYOS.

HINDI...

Tatlong DIYOS na gumagawa o gumaganap bilang ISA.

Bukod Tangi pero hindi MAGKA-IBA.

Bukod Tangi pero hindi MAGKATULAD.

Bukod Tangi pero hindi MAGKAKAHIWALAY.

Magka-PANTAY.

Magka-WALANG HANGGAN.

Magka-ESENYSAL.

KALIGTASAN na nagnamumula sa TRINIDAD ng DIYOS: Kahalagahan...DIYOS Ama

“Pakatandaan ninyo: ang nakikinig sa Aking salita at sumasampalataya sa nagsugo sa Akin ay may buhay na walang hanggan. Hindi na siya hahatulan, sa halip ay inilipat na siya sa buhay mula sa kamatayan.”

Juan 5:24

**Itinuturo ng ANAK na dapat
manampalataya ang tao sa AMA.**

“Sapagkat ito ang kalooban ng ang Aking Ama, ang lahat na kumilala at sumampalataya sa Anak ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. At sila’y muli kong bubuhayin sa huling araw.”

Juan 6:40

**Ang kalooban ng AMA ay manampalataya
ang mga tao kay JESU-CRISTO.**

“Sapagkat gayon na lamang and pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan...Isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak, hindi upang hatulang maparusahan ang mga tao, kundi upang iligtas ang mga ito sa pamamagitan Niya.”

Juan 3:16-18

“Walang makakakuha ng Aking buhay; kusa Ko itong ibinigay. Mayroon Akong kapangyarihang ibigay ito at kuning muli. Ito ang utos na tinanggap ko sa Aking Ama.”

Juan 10:18

**Ipinadala ng AMA ang Kanyang ANAK dahil
sa Kanyang PAG-IBIG sa atin.**

Kahalagahan... DIYOS Anak

“...ang Magandang Balitang ipinangaral Ko sa inyo...naligtas kayo sa pamamagitan nito...ibinigay ko sa inyo ng una...si Cristo’y namatay dahil sa ating mg kasalanan, bilang katuparan sa sinasabi sa Kasulatan; inilibing at muling nabuhay sa ikatlong araw ayon din sa kasulatan.” *1 Corinto 15:1-4*

(Roma 1:16; 2 Timoteo 3:16)

“Siya’y ipinapatay dahil sa ating mga kasalanan at muling binuhay upang tayo’y mapawalang sala.”

Roma 4:25

“Sa Kanya lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat walang pangalan sa silong ng langit na ibinigay ang Diyos sa mga tao upang tayo ay maligtas.” *Gawa 4:12*

Sa pamamagitan lamang ng pananampalataya kay JESU-CRISTO magkakaroon ng KALIGTASAN.

“Dito natin nakikilala ang tunay na pag-ibig: inialay ni Cristo ang Kanyang buhay para sa atin. Kaya’t dapat din nating ialay ang ating buhay para sa kapatiran.” *1 Juan 3:16*

**Ang ANAK ay nagpapako sa KRUS
dahil sa Kanyang PAG-IBIG sa atin.**

Kahalagahan... Ang Banal na Espiritu ay DIYOS

“Tandaan ninyo ito: maaaring patawarin ang tao sa lahat ng kanyang kasalanan at paglapastangan, ngunit ang sinumang lumapastangan sa Espiritu Santo ay walang kapatawaran, sapagkat ito ay walang hanggang kasalanan.” *Marcos 3:28-29*

Itinuturo ng ANAK na ang tao ay dapat manampalataya sa BANAL NA ESPIRITU.

“Pagdating Niya ay Kaniyang susumbatan ang sangkatauhan patungkol sa kasalanan, sa katuwiran at sa kahatulan. Susumbatan niya sila patungkol sa kasalanan, sapagkat hindi sila sumampalataya sa akin. Susumbatan niya sila patungkol sa katuwiran sapagkat ako ay pupunta sa aking Ama at hindi na ninyo ako makikita. Susumbatan niya sila patungkol sa kahatulan sapagkat ang prinsipeng ito ay nahatulan na.” *Juan 16:8-11*

Ang BANAL NA ESPIRITU ay pinapahayag sa bawat tao sa mundo na dapat sumampalataya kay JESU-CRISTO.

“Hindi ba ninyo alam na ang inyong katawan ay templo ng Banal na Espiritu na nasa inyo at ipinagkaloob ng Diyos sa inyo. Hindi na ninyo pag-aari ang inyong katawan.” *1 Corinto 6:19*

“... na magiging kasama ninyo magpakailanman...sapagkat Siya’y nasa inyo at Siya’y mananatili sa inyo.” *Juan 14:16-17*

Ang Banal na Espiritu ay MANANAHAN sa mga mananampalataya MAG PAKAILANMAN O MAG PAWALANG HANGGAN.

“Kung nananahan sa inyo ang Espiritu ng Diyos na Siyang muling bumuhay kay Jesu-Cristo, Siya ay muling bubuhay sa inyong mga katawang mamamatay, sa pamamagitan din ng Kanyang Espiritung nananahan sa inyo... Ang lahat ng pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay mga anak ng Dios.” *Roma 8:11-14*

PINATUTUNAYAN ng Banal na Espiritu sa bawat mananampalataya na sila ay MGA ANAK ng DIYOS.

Kahalagahan... Ang Banal na Espiritu ay DIYOS

“At huwag ninyong saktan ang kalooban o pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, sapagkat Siya ang tatak ng Diyos sa inyo at katibayan na kayo’y tutubusin pagdating ng takdang araw.” *Efeso 4:30*

Pighatiin – lupeo/loo-peh-o – pamighatiin/palungkutin.

Katibayan – sphragizo/sfrag-id-zo – tatak o selyo o pagpapatunay.

“Hindi ba ninyo alam na kayo’y templo ng Diyos at naninirahan sa inyo ng Kanyang Espiritu? Paparusahan ng Diyos ang sinumang magwasak ng temple Niya. Sapagkat banal ang temple ng Diyos, at kayo ang templong iyan.” *1 Corinto 3:16-17*

**Ang Banal na Espiritu ay NANANAHAN sa
bawat mananampalataya dahil sa
Kanyang PAG-IBIG sa atin.**

KALIGTASAN na nagnamumula sa TRINIDAD ng DIYOS

IPINADALA ng Ama ang ANAK dahil sa Kanyang PAG-IBIG sa atin.

(Juan 3:16)

NAGPAPAKO ang Anak sa KRUS ng kalbaryo dahil sa Kanyang PAG-IBIG sa atin.

(1 Juan 3:16)

Ang Banal na Espiritu ay NANANAHAN sa bawat MANANAMPALATAYA dahil sa Kanyang PAG-IBIG sa atin.

(1 Corinto 3:16)

“Si Jesu-Cristo ang naparito sa pamamagitan ng tubig at ng dugo. Hindi sa pamamagitan ng tubig lamang kundi sa pamamagitan ng tubig at dugo. Ang Espiritu ang nagpapatotoo tungo dito, sapagkat ang Espiritu ay katotohanan. Tatlo ang nagpapatotoo: ang Espiritu, ang tubig at dugo; at ang tatlong ito ay nagkakaisa. Kung pinaniniwalaan natin ang patotoo ng mga tao, higit nating dapat paniwalaan ang patotoo ng Diyos at ito ang patotoo ng Diyos tungkol sa Kanyang Anak. Ang sinumang sumampalataya sa Anak ng Diyos ay naniniwala sa patotoong ito... At ito ang patotoo: ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan at ito’y makakamtan natin sa pamamagitan ng Kanyang Anak. Ang sinumang pinapanahanan ng Anak ng Diyos ay mayroong buhay na walang hanggan, ngunit ang hindi pinapanahanan ng anak ng Diyos ay hindi makakaranas ng buhay na walang hanggan.” *1 Juan 6:6-12*

IPINAHAYAG ng Biblia ang KALIGTASAN na nagmumula sa TRINIDAD ng DIYOS.

KALIGTASAN na nagnamumula sa TRINIDAD ng DIYOS

“...Kayo’y pinili ng Diyos Ama ayon sa Kanyang kaalaman sa mula’t-mula pa at pinabanal ng Espiritu Santo, upang maging masunurin kay Jesu-Cristo at nilinis sa pamamagitan ng Kanyang dugo. Sumagana nawa sa inyo ang pagpapala at kapayapaan... sapagkat tinanggap na ninyo ang bunga ng inyong pananampalataya, ang inyong kaligtasan.”
1 Pedro 1:1-9

“Iniligtas Niya tayo, hindi dahil sa ating mabubuting gawa, kundi dahil sa Kanyang habag sa atin. Tayo’y ipinanganak na muli sa pamamagitan ng tubig at tayo rin ay binago ng Espiritu Santo. Masaganang Ipinagkaloob ng Diyos sa ating ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng ating Tagapagligtas na si Jesu-Cristo, upang tayo’y gawing matuwid sa pamamagitan ng Kanyang kagandahang loob at tayo’y maging tagapagmana ayon sa ipinangakong buhay na walang hanggan.”
Tito 3:5-7

Ang DIYOS lamang ang Tagapagligtas ng mananampalataya.

V. Naligtas sa Pamamagitan ng Biyaya at Pananampalataya

“Sapagkat dahil sa biyaya o kagandahang loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ang kaligtasang ito’y kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya’t walang dapat ipagmalaki ang sinuman.” *Efeso 2:8-9*

Biyaya/Kagandahang loob – *charis* – hindi karapat-dapat na pagpapala.

Pananampalataya – *pistis* – matibay na pananalig sa katotohanan.

“hindi sa pamamagitan ng inyong sarili”

**WALA tayong ginawa o magawa
para sa ating kaligtasan.**

“sa biyaya/kagandahang loob”

**Ang DIYOS LAMANG ang may gawa
para sa ating kaligtasan.**

“sa pamamagitan ng pananampalataya”

**Pananampalataya LAMANG sa DIYOS
ang pamagitan para sa ating kaligtasan.**

A. Kahalagahan...

“Kung may tabing pa ang Magandang Balitang ipinapahayag namin, ito’y natatabingan lamang para sa mga napapahamak. Hindi sila sumasampalatay sapagkat ang kanilang isip ay binulag ng diyos ng kasamaan sa daigdig na ito, upang hindi nila makita ang liwanag ng Magandang Balita sa kaluwalhatian ni Cristo na siyang larawan ng Diyos.”
2 Corinto 4:3-4

(Juan 16:11, Roma 1:18-20)

Hindi natin MAKITA ang ating KAHATULAN.

“Ako’y naparito bilang llaw ng sanlibutan, upang ang manalig sa Akin ay huwag manatili sa kadiliman.”
Juan 12:46

IPINAYAHAG ni CRISTO sa atin ang ating KAHATULAN.

B. Kahalagahan...

“Sapagka’t ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.” Roma 3:23

“Sapagka’t kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang libreng kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.”
Roma 6:23

Hindi natin MATATAKASAN ang ating KAHATULAN.

“Dahil si Cristo man ay minsang nagdusa dahil sa kasalanan. Ang matuwid para sa mga hindi matuwid upang madala niya tayo sa Diyos. Pinatay siya sa laman ngunit binuhay siya sa pamamagitan ng Espiritu.”
1 Pedro 3:18

(Juan 3:16 & Tito 2:11-14)

**Ginawang POSIBLE ni CRISTO ang KALIGTASAN
sa ating KAHATULAN.**

C. Kahalagahan...

“Walang matuwid, wala kahit isa. Walang kahit isang nakakaunawa at walang naghahanap sa Diyos...”
Roma 3:10-20

“Ganito ang paghatol ng Diyos: naparito sa sanlibutan ang ilaw, ngunit inibig pa ng mga tao ang dilim kaysa liwanag, sapagkat ang kanilang mga Gawain ay masasama.”
Juan 3:19

Hindi natin HINANAP ang DIYOS at HINANGAD si CRISTO.

“Walang makakalapit sa Akin malibang akayin siya sa Akin ng Ama na nagsugo sa Akin. At ang lalapit sa Akin ay muli kong bubuhayin sa huling araw.”
Juan 6:44 & 65

Akayin – helko – hilahin/kaladkarin.

“Ngayon ay nagagalak na ako sapagkat ang kalungkutang iyon ang ginamit ng Diyos para akayin kayo na pagsisihan at talikuran ang inyong pagkakasala, kayat hindi kayo napasama dahil sa amin. Sapagkat ang kalungkutan buhat sa Diyos ay nagbubunga ng pagsisisi at pagbabago tungo sa kaligtasan. Ngunit ang kalungkutang dulot ng mundo ay humahangtong sa kamatayan.”
2 Corinto 7:7-10

(Juan 15:16)

Ang DIYOS ang may gawa para ang mga Cristiano ay LUMAPIT kay CRISTO at MAGSISI sa kanilang mga KASALANAN.

D. Kahalagahan...

“Sapagkat ang taong di pinapanahanan ng Espiritu ay ayaw tumanggap ng mga kaloob mula sa Espiritu ng Diyos. Para sa kanila, kahangalan ang mga iyon at di nila nauunawaan, sapagkat ang mga bagay na espirituwal ay mauunawaan lamang sa paraang espirituwal.” *1 Corinto 2:14*

(*1 Corinto 1:18-21, Roma 3:11*)

Wala tayong PAG-IISIP para maunawaan o maintindihan ang **DIYOS**.

“At nalalaman nating naparito na ang Anak ng Diyos at binigyan Niya tayo ng pang-unawa upang makilala nating ang tunay na Diyos, at tayoy nasa tunay na Diyos, sa Kanyang Anak na si Jesu-Cristo. Siya ang tunay na Diyos na walang hanggan.” *1 Juan 5:20*

(*1 Corinto 1:18, 23-24, Lukas 24:25*)

BINIGYAN ng **DIYOS** ang mga Cristiano ng PANG-UNAWA O KAALAMAN para maintindihan si **CRISTO**.

E. Kahalagahan...

“Kaya nga, nais kong malaman ninyo ito. Walang sinumang tao na nagsasalita sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos ang nagsasabi: Sumpain si Jesus. Wala ring makakapagsabing si Jesus ay Panginoon maliban sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.” *1 Corinto 12:3*

(*Hebreo 11:1; Santiago 1:6*)

Wala tayong PANANAMPALATAYA o kakayahan para MANIWALA kay **JESU-CRISTO**.

“Dahil ipinagkaloob Niya sa inyo, hindi lamang ang manalig sa Kanya, kundi ang magtiis din naman alang-alang kay Cristo.” *Filipos 1:29*

BINIGYAN ng **DIYOS** ang mga Cristiano ng PANANAMPALATAYA para maniwala kay **JESU-CRISTO**.

Naligtas sa Pamamagitan ng Biyaya at Pananampalataya

“hindi sa inyong sarili”

- Hindi natin **NAKIKITA** ang ating **KAHATULAN**.

+ **IPINAKITA** ni JESUS sa atin ang ating **KAHATULAN**.

“hindi sa inyong sarili”

- Hindi natin **MATATAKASAN** ang **KAHATULAN**.

+ Ginawang **POSIBLE** ni JESUS ang
KALIGTASAN mula sa ating kahatulan.

“hindi sa inyong sarili”

- Hindi natin **HINANAP** ang DIYOS

o **GINUSTO** si CRISTO.

+ Ang DIYOS ang may gawa para and mga
Cristiano ay **LUMAPIT** kay CRISTO at
MAGSISI sa kanilang mga **KASALANAN**.

“hindi sa inyong sarili”

- Wala tayong PAG-IISIP para maunawaan o maintindihan ang DIYOS.

+ BINIGYAN ng DIYOS ang mga Cristiano ng kaunawaan/pang-unawa para maintindihan si CRISTO.

“hindi sa inyong sarili”

- Walang tayong PANANAMPALATAYA o kakayahan para MANIWALA kay JESU-CRISTO.

+ BINIGYAN ng DIYOS ang mga Cristiano ng PANANAMPALATAYA para maniwala kay JESU-CRISTO.

Naligtas sa Pamamagitan ng Biyaya at Pananampalataya

“Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ang kaligtasang ito’y kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya’t walang dapat ipagmalaki ang sinuman.” *Efeso 2:8-9*

Bilang Cristiano, ang KATIYAKAN O KASIGURUHAN ng ating KALIGTASAN ay nagmumula at nagtatapos sa KATOTOHANAN na ang ating Kaligtasan ay dahil lamang sa **DIYOS at hindi dahil sa ating KAGAGAWAN.**

Dahil sa Katotohanang ito, wala tayong o sinuman magagawa para ang Kaligtasan na nagmula lamang sa **DIYOS ay MAWALA sa atin.**

(Juan 3:16, Juan 10:27-30, Roma 8)

Ang mga Pinaka Mahalagang Doktrina

I. ANG PAGKA DIYOS AT TAO Ni JESU CRISTO

II. KAMATAYAN Ni CRISTO

III. MULING PAGKABUHAY JESU CRISTO

IV. ANG TRINIDAD ng DIYOS

V. Sa Pamamagitan ng BIYAYA at PANANAMPALATAYA

**Sa DIYOS lamang ang lahat ng papuri
ngayon at magpakailanman.
Amen!**

Bonita Road Baptist Church
73 Bonita Road, Chula Vista California 91910 USA
admin@brbcd.org/ncabuhat@gmail.com